Department of Education

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

**Shaping the future**


# Makipag-ugnayan at Gumalang Pakikipag-ugnayan

## Mga inaasahan na nagsusulong ng pagkatuto, kagalingan, at kaligtasan sa lahat ng mga pampublikong paaralan sa Western Australia.

Sama-sama tayong makakagawa ng naiibang pagbabago. Malugod naming tinatanggap ang mga magulang at iba pang miyembro ng ating komunidad na mula sa iba't ibang pinagmulan sa mga paaralan sa buong Western Australia. Napapahusay ang pag-aaral ng mag-aaral kapag aktibo at positibong nakikibahagi ang mga kawani ng paaralan, magulang at tagapag-alaga sa kanyang edukasyon.

May pinagsasaluhang tungkulin tayong lahat sa pagbibigay ng ligtas, mapagsuporta, at produktibong kapaligiran, na walang panunupil, panliligalig, diskriminasyon at karahasan.

Sinusuportahan ng mga magulang at tagapag-alaga at iba pang bisita sa mga paaralan ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagtitiyak na magalang ang pakikipag-usap at asal sa paaralan at sa mga aktibidad sa paaralan. May karapatan ang bawat mag-aaral, kawani, magulang o tagapag-alaga na maramdamang ligtas siya at maging ligtas sa ating mga paaralan.

| Magalang na pakikipag-ugnayan | Inaasahan na ang mga magulang at tagapag-alaga at/o bisita sa ating mga paaralan ay: | Ipinapakita ito ng mga magulang at tagapag-alaga at/o bisita sa ating mga paraalan sa pamamagitan ng: |
| --- | --- | --- |
| **Kultura**<br> | • kikilalaning mahalaga sa atin ang bawat mag-aaral<br>• mag-aambag sa magalang na kultura ng paaralan<br>• magsusulong at magiging huwaran ng mabuting pag-uugali<br>• makikipagtulungan sa mga kawani para lumutas ng mga isyu o alalahanin<br>• igagalang ang karapatan ng mga kawani na magdiskonekta sa trabaho kapag labas na sa mga oras ng trabaho sa paaralan<br>• makikibahagi sa responsibilidad sa paglikha ng mga ligtas at walang peligrong kapaligiran para sa pag-aaral | • paggalang sa pagkakaibat-iba ng ating mga paaralan at sa karapatan ng bawa't bata para sa isang edukasyon .<br>• palaging pakikipag-usap nang may galang tungkol sa ating mga paaralan at kawani<br>• hindi pakikisali sa malisyoso o mapanghusgang tsismis sa personal, sa pamamagitan ng pagsulat, o sa social media; tungkol sa ating mga mag-aaral, kawani, at miyembro ng komunidad ng paaralan<br>• maagang pagbibigay-alam ng mga alalahanin sa isang kawani, sa punong-guro, o sa Kagawaran ng Edukasyon nang direkta<br>• pag-unawa na kung minsan ay kailangan ang mga kompromiso, para makahanap ng katanggap-tanggap na solusyon sa mga ipinagbigay-alam na alalahanin<br>• pag-unawa na ang mga balakid, hadlang, at kabiguan ay bahagi ng proseso ng pag-unlad<br>• pagsuporta sa mga bata at kabataan na malutas ang mga problema at magkaroon ng katatagan |
| **Komunikasyon**<br> | • magiging malang sa isa't isa<br>• kikilos bilang mga positibong huwaran<br>• aktibong tutulong na lumutas ng mga alalahanin<br>• gagamitin ang mga paraan at proseso sa komunikasyon ng paaralan para lumutas ng mga alalahanin | • pagpapahalaga na posibleng hindi makakatugon kaagad ang mga kawani ng paaralan<br>• pagkakaroon ng kamalayan na tutugon ang mga kawani sa naaangkop na komunikasyon kapag magagawa nila<br>• paghiling ng pagpupulong para talakayin ang anumang alalahanin tungkol sa edukasyon ng iyong anak – pagbibigay ng oras sa mga kawani na maghanda at pagpapahalaga na posibleng limitado ang kanilang oras<br>• hindi paggamit ng nakakapanakit, nakakainsulto, at nakakapanirang-puring pananalita; at hindi naaangkop na asal<br>• pagiging mabait kapag nakikipag-ugnayan sa iba |
| **Pakikipag-tulungan**<br> | • makikipagtulungan sa paaralan para magbigay ng ligtas at maproduktibong kapaligiran para sa pag-aaral<br>• titiyaking papasok sa paaralan ang iyong anak nang handang matuto<br>• aalamin at susuportahan ang Patakaran sa Magandang Katayuan ng Mag-aaral ng paaralan<br>• mag-iiskedyul ng mga pagpupulong sa napagkasunduang oras, para sa napagkasunduang layunin | • pagpapanatili ng mga propesyonal na ugnayan na bukas, matapat, at magalang<br>• pag-ako sa responsibilidad para sa pagdating at pag-alis sa paaralan ng iyong anak nang ligtas sa tamang oras araw-araw<br>• pagsuporta sa iyong anak na maunawaan at masunod ang mga kinakailangan sa Magandang Katayuan ng Mag-aaral<br>• pag-iskedyul ng appointment para makipagkita sa guro o punong-guro |

CC BY